**Presidential Communications Operations Office**

**Presidential News Desk**

# TALK TO THE PEOPLE OF

# PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE

[14 February 2022]

**PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE:** Updates sa COVID-19 response, ano pa rin si Sec. Duque pa rin.

**DOH SECRETARY FRANCISCO DUQUE III:** Magandang gabi po, Mr. Mayor, Mr. President; ES Medialdea; and Senator Bong Go; fellow Cabinet members; at higit sa lahat sa atin pong mga kababayan, magandang gabi po at Happy Valentine's Day, Mr. President.

At muli ako ay mag-uulat ukol sa panibagong updates para po sa ating COVID-19 response. Bibilisan ko na lang po ito, Mr. President. But suffice it to say na tuloy-tuloy ang pagbaba ng ating mga kaso.

So kung gagamitin po natin ang mga metrics natin, malinaw po na malaki po ang ibinaba ng ating mga kaso batay po sa two-week growth rate at saka sa average daily attack rate and the health systems capacity utilization rate.

Dito makikita natin nakapagtala lamang tayo ng 2,730 cases ngayong araw. Isa na po ito sa pinakamababa natin and for the last seven days, naga-average lang po tayo anywhere from 3[,000] to 3,500 daily new cases. At ang atin pong total cases nasa 3.6 million thereabouts. Ang active cases na lang po bumaba na rin po from about 90,000 last week, nasa 76,000 na lang po tayo [76,]609 and this represents about 2.10 percent of our active cases.

Samantalang ang recoveries po natin nasa 3.5 million pataas na po at ito po ay umaabot na sa 96.3 percent with new additional recoveries at 7,456. Samantalang ang case fatality rate natin ay patuloy naman na bumababa nasa 1.51 percent. At again dito makikita, sir, na ang of the active cases, ang asymptomatic at saka ang mild will account for about more than 70 percent at --- hindi, accounts for about 93 percent of all the active cases. Samantalang ang moderate nasa 3.88 percent at ang severe and critical nasa mga 2.2 percent po pagka pinagsama.

Ang atin pong seven-day moving average naman ang positivity rate po natin nasa 13.7 at ito po ay bumababa din. Katulad din ng demand for testing, mababa na rin po ang demand for testing at 32,102 seven-day moving average. Samantalang ang ating national utilization rates as of yesterday ay nasa low risk at 28.5 percent ng bed utilization, samantalang ang ICU bed utilization nasa 34.1 percent. Sa pangkalahatan nasa low risk classification.

Ang Top 3 regions naman na mayroon pong naiambag sa ating caseload for today: ang NCR – 485; Region IV-A – 345 cases; samantalang ang Region VII at [294]. Ang Top 3 cities and provinces would be: Cavite – 117; Iloilo – 114; Quezon City at 108.

*[Next slide.]*

Ito naman po 'yung ating epidemic curve. Dito ho makikita na pababa na rin po ang mga kaso natin katulad ng akin pong naiulat noong nakaraang linggo at dito po makikita natin ang kaso seven-day moving average noong February 8-14 ay nasa 3,521, which is lower by 56 percent compared to the week prior, which was at about 8,000 thereabouts. At ang NCR naman ganoon din po, Mr. President, ay nasa 536 lower by 55 percent kumpara po doon sa prior week from February 1 to February 7 at 1,292. So kung ano po ang nakikita natin sa NCR, halos nasasalamin po ang national COVID situation in terms of the cases na pababa po siya.

At ito naman ang atin pong mga epi curves across the major island groups. Ito pong blue ang ating NCR, tumaas noong kalagitnaan ng Enero at makikita natin patuloy na bumababa. Ganoon din po 'yung kulay green naman, this is the Plus areas of Bulacan, Laguna, Rizal, Cavite, tumaas din at pababa na rin po sa kasalukuyan. Samantalang rest of Luzon, ganoon din po. Ito po 'yung Visayas and Mindanao. So nakikita natin although bumababa, bumabagal 'yung kanila pong pagbaba. But just the same, by and large, maganda po itong mga nakikita nating resulta.

*[Next slide.]*

Ito naman po 'yung ating risk classification gamit po 'yung ating tatlong panukatan: iyon pong growth in cases at saka 'yung average daily attack rate per 100,000 population. Makikita po natin nationally, buong Pilipinas, ah nag-negative 74 percent na po 'yung two-week growth rate at maganda po ito mababa po ibig sabihin nito 'yung bilis o tulin nang pagkalat ng COVID ay ang laki po ng ibinagal.

Samantalang ang average daily attack rate natin from a high risk of 20 plus cases per 100,000 population, nasa 5.26 na lang po ito. At pagka ibinangga natin itong dalawa, negative 74 sa TWGR, 2WGR and a 5.26 ADAR, ang katumbas po ay low risk classification. Lahat ay low risk classification except for IV, these are: Regions XI, CAR, VI, and XII, Mr. President.

So sa susunod naman makikita naman natin 'yung healthcare utilization rate. *[Next slide, please.]* Ito naman makikita din natin na except for Region XI na ang kanyang utilization rate ICU bed utilization nasa 63.91 percent katumbas po nito moderate risk. Samantalang ang lahat po ay nasa low risk na which means they are below 50 percent.

So maganda po ang sinasabi po nito, Mr. President, we are able to manage our cases and our health systems capacity is very much prepared for any eventuality na kung magkaroon na naman ng saka-sakaling pagtaas, makikita po natin ang laki po ng ating excess at ang baba po ng ating utilization rate.

*[So next slide.]*

Ito naman po 'yung mga admissions curve natin. Makikita po based on 6,315 total confirmed cases na na-admit po sa mga ospital as of February 13, 746 cases o 12 percent ito po ay mga severe cases. Samantalang ang critical cases nasa 347, which is just five percent of the total confirmed cases.

So 'yun namang mga iba 'yung moderate cases ho natin, although rito ay mga 41 percent po ang kanyang porsiyento ng lahat ng mga na-admit na cases. Ang mild ay bumaba na rin po sa 31 percent, samantalang ang asymptomatic ay halos negligible. But 'yan po ang nakikita natin kahit na mataas ang kaso, ang ating severe, critical cases ay hindi naman sumasabay sa pagtaas ng ating mga kaso.

*[So next slide.]*

Ito naman po 'yung ating mortality curve. At makikita rin po natin dito na matapos pong nag --- bumaba 'yung mga kaso natin sumunod --- ah tumaas tapos ang kaso tapos bumaba, sumusunod naman 'yung ating mortality rate. Pero 'yung kanyang pagtaas is not proportionate --- is not proportional to the cases that we have recorded as I have shown in the earlier slide doon po sa epidemic curve na ipinakita ko. But dito po ang ating February 1-14, nakapagtala po tayo ng 414 cases or a daily average of 30 deaths, 414 deaths from February 1-14. So 'yan lang po, mababa ang ating cases --- ang deaths rather compared doon po sa itinaas ng cases nung ipinakita ko kanina.

Ito naman ‘yung mga 7 Healthy Habits lang na paalala ngayon ating ipinagdiriwang ang --- ang Araw ng mga Puso ay ito po ay kailangan ‘yung mas kumilos o gumalaw at mag-ehersisyo; kumain nang tama, balanced diet, maraming gulay, isda at mga mayaman sa mga bitamina at minerals na mga pagkain; ‘yung pagiging malinis ang --- hindi lamang ang sarili; ‘yung atin pong paghuhugas ng kamay, ang cleanliness napakamahalaga po ito; at ang pagbabakuna ay hindi lang po sa COVID, ang mga bata ang vaccination, mga vaccine preventable diseases, napakamahalaga po ang proteksiyon laban sa measles, sa polio, at mga diphtheria, pertussis, tetanus, kinakailangan po ay talagang mabakunahan din ang mga bata.

At siyempre, let’s all totally, completely avoid smoking at saka vaping, at saka ang alcohol ay dapat din pong magbawas. In fact, may mga pag-aaral ngayon na kahit na kaunting alcohol ay nakakapinsala pa rin sa puso ano. So there is no longer such a thing as a --- a safe level of alcohol in the blood ano.

And, of course, say no to drugs and then ‘yan pa pong mga iba natin, care for yourself and care for others. Ang atin pong pagmamalasakit sa iba ay isa rin po sa mga healthy habits na atin pong pinaiiral at pinag-iibayo. At practicing safe sex, lalo na ngayon Araw ng Puso, kinakailangan mag-condom para hindi po magkaroon ng HIV-AIDS, Mr. President, o tulo, o ‘yung mga ibang mga sexually transmitted diseases. So --- at ayaw din natin ng mga --- mga pagbubuntis na hindi sinasadya so kinakailangan po talaga ng proteksiyon.

Tapos do no harm, put safety first. Kinakailangan po ay ang pag-iingat lalo na sa kalsada katulad nang pagsusuot ng mga helmets. Mataas po ang ating accident rate because of vehicular and in particular, motorcycle accidents ‘no, marami pong namamatay because of accidents ‘no.

So lahat po ito kailangan pairalin po natin sa --- para makamit po natin ang Healthy Pilipinas. Huwag po nating kalimutan ito pong mga paalala mula po sa inyong Department of Health at ang Inter-Agency Task Force.

*[Next slide.]*

So bilang pagbubuod, Mr. President, now, country is at low risk classification. Meanwhile, may apat na regions at moderate risk. Pero ang ating healthcare utilization rates ay nasa low to moderate risk levels pero mas marami na po ang nasa low risk healthcare utilization-wise.

And then ang National Vaccination Days: Part III na-extend until February 18. And ang RESBAKUNA Kids ay available na po nationwide beyond Regions III, IV-A, BARMM and Region XII, and NCR ay pinalalawig na po natin sa mga iba pang natitirang rehiyon.

At, of course, muli pinapaalalahanan natin ang ating mga kababayan na pag-ibayuhin ang 7 Healthy Habits for a healthy heart in this Day of Hearts and for the rest of the year.

So ito na lang po, Mr. President, ang akin pong ulat at handa na po akong tumugon sa inyo pong mga katanungan. Salamat, Mr. President.

**PRESIDENT DUTERTE:** Thank you, Secretary Duque. Now, I'd like to just say something, kaunting ano lang, that you have done good sa trabaho mo and the Filipino will never forget that.

It is a sacrifice really for you to continue doing it and I had to ask you several times to stay --- to stay on the job because we need you.

**SEC. DUQUE:** Thank you, sir.

**PRESIDENT DUTERTE:** Now, we will have Secretary Galvez for the updates sa National Vaccination Program.

**NTF COVID-19 CHIEF IMPLEMENTER AND VACCINE CZAR CARLITO GALVEZ JR.:** Mr. President; Senator Bong Go; ES Bingbong Medialdea; fellow Cabinet members and public servants; mga kababayan. Magandang gabi po.

Today, we will be presenting our main objectives, main activities last week on the launching of the pediatric vaccination and the National Vaccination Days.

*[Next slide, please.]*

Mr. President, naging successful po ang ating launching at mini-rollout in NCR and different regions ng pediatric vaccination sa edad na lima hanggang 11. Ang atin pong objective talaga po dito, we will start small pero nangyari po talagang gustong-gusto po ng mga ibang mga lugar na sumama sa vaccination rollout ng pediatrics.

Kaya natutuwa po kami kasi naka-100,000 po tayo na nabakunahan at ito po ay talagang nakakatuwa dahil kasi we never expect na ma-breach natin

'yung 100,000 dahil kasi nga we wanted to --- to be ano, to be safe at saka talagang makita lang natin 'yung kakaunti lang po ang mga bakuna pero marami po ang nag-volunteer.

Ibang klase po ang naging preparasyon ng mga LGUs and private sector at nakakaengganyo po na magpabakuna ang mga bata dahil naging masaya, parang carnival po ang naging vaccination site.

Nakakatuwa rin po na marami pong sumuporta sa ating programa sa private sector, medical associations, at lalo na po ang mga magulang na pumila para mabakunahan ang kanilang mga anak. At talaga pong pati po 'yung mga bata --- tama po ang sabi ni Sec. Duque --- na talagang excited na excited na po ang mga bata na makalakwatsa, makakita ang kanilang mga kamag-anak, makita ang kanilang mga kaibigan at makapasok na po sa eskuwela.

With the initial success, ine-expand na po natin ngayon nationwide with 482 vaccination sites. Wala po tayong problema sa supply dahil natanggap na po natin ang 1.5 million at may padating po na every week sa kabuuan po na 3.94 million ngayong buwan.

*[Next slide, please.]*

Sir, ito po 'yung mga pictures na nakuha po natin sa mga different vaccination sites hanggang Butuan City, Sulu Province, Cagayan de Oro, kagagaling lang po naman namin noong Friday sa Boracay. Dalawa po ang binuksan po namin doon sa botika, doon sa Watson at saka po doon sa beach kasama po 'yung mga bata. Sa Cabuyao, Laguna; sa Pampanga; kasama hanggang Ilocos; Zamboanga; Davao; at Bulacan.

So makikita niyo po, sir, ang daming mga mascot, maraming mga tinatawag nating parang children's party and then nakikita natin na halos walang umiiyak. Very minimal po ang umiiyak dahil kasi unang-una mayroon po silang mga loot bags, may mga sorbetes, may mga laruan, at saka nakakatuwa po dahil kasi parang nagpapaligsahan ang mga bata.

*[Next slide, please.]*

Ang ating vaccination ng children at saka 'yung National Vaccination Part III ng program ay ginanap po sa iba-ibang mga pook. Tumulong po sa atin ang McDonald's, ang Mercury Drugstore kasama ang Watsons, at iba pang mga pharmacies, sa mga malls and even 'yung female dormitory ng BJMP, 'yung kila Sec. Año po ay talagang tumulong din po sa atin. Nandiyan din po ang

Jollibee at saka mga techno hubs ng mga BPO. So meaning, tumulong po talaga sa atin ang mga private sector.

*[Next slide, please.]*

Sa atin pong daily dashboard, mayroon na po tayong 222 million doses na na-receive at 131.7 million po na naiturok na po natin at mayroon na rin po tayong 61.5 million na Pilipinong nakatanggap ng two doses which are --- which is around 78 percent of the targeted population. And then, mayroon na rin po tayong 9 million booster.

Ito po kung makikita natin, mahal na Presidente, na talagang medyo mababa po, mabagal po 'yung ating boostering. Dahil kasi nakikita natin na parang ano, parang ang ating mga kababayan ay parang kampante na sa two doses. Pero marami pong nagsasabi na mga expert na kailangan nating mag-boosters kasi after three months and four months, nagwa-wane na po 'yung ating mga bakuna.

So ito po ang ating ano ngayon, nakikita po natin ngayon maganda po ang performance din natin sa 12 to 17 years old. Mayroon na po tayong 9.3 million na first dose at mayroon na po tayong 8.073 million na naka-second dose na po.

And then ito pong ano, ito pong children na ano na minors five to 11, may 100 --- 100,370 na po tayo. At ito po ine-expect po namin na baka madoble po ito ngayong --- ngayong linggo dahil kasi 452 vaccination sites na po ang sumama po sa atin.

*[Next slide, please.]*

Sir, ito naman po ngayon ang nakikita natin na update ng vaccination administration by region. Kung makikita po natin, Mr. President, ay may naitala na po tayo na sampung rehiyon na may mataas na coverage na 70 percent and above, at lima po dito even above 80 percent vaccination coverage.

Kasama na po dito ang NCR, Region I, and II, and III, iyong CAR, Region IV-A, at saka po itong Region IV. At lahat po itong naka-green pong ito, at least mayroon na po silang 70 percent second dose kasama na po ang Region VIII at saka iyong Region VII.

Ang pinakamababa na lang po, Mr. President, itong BARMM. Kaya po bukas po, Mr. President, with your guidance, pupunta po ako sa Zamboanga at doon po kami magpapaturok din po ‘yung ano ‘yung mga bata doon at saka doon pupunta po ako ng Basilan para po ma-encourage po natin ang ating mga Muslim brothers na magpabakuna na po kasi nakita natin napakababa po ng kanilang ano --- napakataas po ng hesitation.

Kung makikita po natin iyong percentage nila is 28 percent. Hindi po umaangat. So ngayon po, ang gagawin po namin --- with the directive of Sec. Duque at saka ang National Task Force, si Sec. Del --- ay pupunta po kami doon sa ano sa area ng Zamboanga dito po sa Region IX and also doon sa BARMM area, sa Basilan po.

Iyon lang po, mahal na Presidente, at marami pong salamat.

**PRESIDENT DUTERTE:** Salamat, Secretary Galvez. We have a few speakers. We have Vivencio Dizon, no --- no verbal... Ah, verbal only. No... Walang --- *[Ano ito?]* --- walang ano diyan.

**PRESIDENTIAL ADVISER FOR COVID-19 RESPONSE VIVENCIO “VINCE” DIZON:** Oral, oral lang po. Mayor, Mr. President, magandang gabi po. Good evening.

Ninety million po, iyon ang ating target to vaccinate by the end of your term --- by the end of June 2022. Right now po, nasa 61.5 million na tayo, roughly about 70 percent of that target. So ang napapansin lang po namin, as we approach that target, as we come closer to our target, it becomes more and more difficult to vaccinate and find those who are unvaccinated.

So, Mr. President, we just want to lay down 'yung ating mga priorities. Unang-una po, mayroon pa po tayong almost 3 million unvaccinated senior citizens. These are the most vulnerable amongst our population.

However, napapansin din po natin na marami din po sa ating mga senior ang medyo mataas-taas po 'yung vaccine hesitancy. So it takes longer and it takes more effort to find them and to convince them to get vaccinated. Pero critical po ito kaya ito po ang ginagawa nating pagsusuyod kasama ng ating Department of Health at lahat ng agencies of the national government para po maprotektahan natin ang ating seniors.

Ang second pong priority ay 'yung ating mga booster shots kagaya po ng sinabi ni Secretary Galvez. I think it is very important for our citizens to know that if they are already past three months their second shot, they are qualified to get their booster shots and this will give them added protection.

Marami po ata ang hindi pa nakakaalam at marami din ang tingin nila hindi na nila kailangan ng booster pero this still, based on the science and the experience of other countries, provides additional protection.

And finally po, our priority --- third priority is also to vaccinate our children especially those who are aged 5 to 11, which we only started last week. Napakaganda po ng ating experience sa pag-vaccinate ng below 17 --- iyon pong 12 to 17 years old.

We are already nearing almost the 12 million mark of our target. Nasa 9 million na po tayo for 12 to 17, and there are roughly about 15 million children aged 5 to 11, which we need to vaccinate as soon as possible para po makapasok na sila sa eskuwela at makalabas na po sila after two years of staying at home.

Geographically, our priority is, Mr. President, are: Region IV-B, iyon pong ating island provinces, MIMAROPA Region; ang Region V; ang Region XII; CARAGA; at BARMM. These are the regions that still have vaccination rates of at least one dose below 70 percent of our target.

So kailangan po nating pataasin ito dahil ang sabi po ng ating mga experts, especially as we move towards the new normal, kailangan po at least 70 percent ng target population ay bakunado na sa mga regions natin.

Very critical po ang vaccination rate as we enter the so-called new normal. The National Task Force po and the experts of the Department of Health are currently working very hard to develop a new normal roadmap and we are confident that this will be ready to be presented to you, Mr. President, by the beginning of March.

And this will really signal our move towards some semblance of normalcy after this very difficult two-year where we have dealt with the pandemic. And this will really signal the return, hopefully, to a robust and very healthy growth in our economy that will bring back jobs, investments, and the return

to normalcy of our industries such as tourism, Mr. President, na talagang napakabigat po ng tama ng COVID-19.

So hopefully po, starting March, if all goes well, magsisimula na po tayo dito sa tinatawag nating new normal to prepare the country to finally close the book on COVID-19. Hopefully po, barring any other new variants that may come our way.

Thank you very much, Mayor. Thank you very much, Mr. President.

**PRESIDENT DUTERTE:** Thank you, Secretary Dizon.

Now, we call on the Deputy Director General ng Food and Drug si Oscar Gutierrez Jr.

**FDA OIC DEPUTY DIRECTOR GENERAL OSCAR GUTIERREZ JR.:** Yeah. Magandang gabi po, mahal na President. Magre-report po ako tungkol sa mga COVID medicine and ‘yung response po ng FDA sa mga COVID medicine-related reports and complaints.

*[So next slide po.]*

So dito po ipapakita lang po natin dito na tatlo pa rin po iyong home self-testing kit na --- antigen kit na na-approve ng FDA. Samantalang 79 na po ang aming na-i-forward sa RITM as... Lilinawin ko lang po itong 79 po na ito kasama na po iyong tatlo.

Hindi naman po nahulog --- nangangahulugan na mabagal po ang RITM kasi po ang RITM po may sarili po silang requirements. Posible po 'yung mga applicants po hindi pa po nakapagbigay ng mga requirements sa RITM.

So iyong huli po nating naaprubahan ay ‘yung One Step Test for SARS-COV-2 Antigen na gawa po ng Getein Biotech po.

*[So next slide.]*

Ito po 'yung... Molnupiravir pa rin po, wala pong nadagdag pero iyong Compassionate Special Permit ay naka 189 na po tayo simula noong December. So for the past two weeks, mahigit 40 Compassionate Special Permit po ang na-issue ng FDA.

*[So next slide po.]*

Dito po ipapakita ko lang po dito na iyong last "Talk to the People" po ay mayroon po kayo, mahal na Pangulo, na sinabi na maglabas ang FDA ng isang information card. So ito po ipapakita ko lang po dito na simula po noong February 2021 ay nag-launch na po kami ng aming FDA verification portal kung saan po nakalista among others iyong mga licensed drugstore.

So makikita po natin dito na mayroon pong 44,989 drugstores na po ang nabigyan po ng LTO ng FDA at dito po sa dami ng drugstore na ito, 314 po 'yung drug store na nag-apply po ng online ordering and delivery.

Mayroon din po tayong mga drug outlet para sa mga non-prescription drug na makikita natin sa mga convenience store at saka supermarket.

3,536 po ang na-issue na LTO ng FDA para dito sa mga tinatawag nating RONPD or Retail Outlet for Non-Prescription Drugs. *[So next slide po.]*

So dito po ipapakita ko lang po na simula po noong January 13, nakatanggap na po kami ng 185 reports na tungkol sa mga sari-sari store na nagbebenta po ng gamot. At gusto ko pong i-report dito na doon po sa 185, 78 po doon ay na-confirm na natin na talagang nagtitinda ng medicine in violation po of the Pharmacy Law and FDA Act of 2009. At dito po sa 78 na nagtitinda po ng medicine ay nine out of 78 po were found selling medicine that were fake medicines po.

Labintatlong fake medicines po ‘yung nakita natin and mostly COVID-related medicines po. So in violation naman po ito ng Special Law on Counterfeit Drugs. So nananawagan po ako sa mga publiko na bumili po tayo  ng gamot doon sa mga FDA-licensed drug outlets na sabi ko po kanina eh 44,989 po ‘yun, plus ‘yung ating RONPD, 3,536 naman po ‘yun.

*[Next slide po.]*

**PRESIDENT DUTERTE:** 'Pag nahuli ninyo ito, anong ginagawa ninyo? Can you hear me, Director Gutierrez?

**DIRECTOR GENERAL GUTIERREZ:** Opo just now lang po, I hear you po.

**PRESIDENT DUTERTE:** Ah yes, answer my questions, please. Iyong mga drugstore o drugstores selling fake medicines at 'yung mga fly-by-night na drugstore, anong ginagawa ninyo sa mga itong nagkasala?

**DIRECTOR GENERAL GUTIERREZ:** Doon po sa aming --- itong nakaraan na buwan, iyong mga drugstore po wala po tayong nakita na confirmed na selling po na fake medicine po, wala po. Dito lang po tayo nakakita sa mga sari-sari store.

Ngayon po kung makikita po natin 'yung sa Counterfeit Law kasi mayroon po 'yang penalty of imprisonment. Mere possession po of counterfeit drugs, six months to one day po ang imprisonment in possession po. Ito po nagfa-file po tayo ng report of violation po kung ito ay drugstore. Kasi may lisensiya sa atin, dumadaan po ito sa due process po sa legal center po ng FDA.

**PRESIDENT DUTERTE:** You have your own lawyers?

**DIRECTOR GENERAL GUTIERREZ:** We have our own lawyers po. As of now po, we have six lawyers po sa FDA.

**PRESIDENT DUTERTE:** How about law enforcement people?

**DIRECTOR GENERAL GUTIERREZ:** I beg your pardon po, Mr. President?

**PRESIDENT DUTERTE:** How about itong law enforcement, iyong tagahuli?

**DIRECTOR GENERAL GUTIERREZ:** Yes po kasi po when we --- 'pag nag-test buy po kami at na-confirm po namin, we really operate po with the law enforcement agency --- agents. Pero po there are times po kasi 'pag kami po ay…

**PRESIDENT DUTERTE:** Sino-sino --- teka muna --- *[Director General Gutierrez: Opo.]* sinong law enforcement agency ang pinupuntahan mo?

**DIRECTOR GENERAL GUTIERREZ:** CIDG po ang aming default when we operate po. CIDG po --- PNP- CIDG po under General Ferro po.

**PRESIDENT DUTERTE:** Yes, do not venture out to make mga ganito, raids and everything, without the corresponding prosecution kasi kailangan talaga mademanda ito. So you are better off with the NBI conducting or the CIDG. Ito 'yan sila.

So ito --- ito 'yung dalawang CIDG with the Philippine --- PNP. Eh ito namang NBI is with the Justice department. Maski saan diyan sa dalawa okay 'yan. Ang akin lang kasi there must be a follow-up sa prosecution para mahinto na 'to. Baka gawain lang ninyong pagkatapos hulihin, tapos wala lang, wala talagang mangyari dito sa mga batas na 'to.

So somebody, those six lawyers that you have, are better off assigned to keep the monitoring activities para maano nila kung naano ba ito, nahuli ba at nademanda ba. Very important na mademanda kasi that's the only way to discourage people selling fake medicines even --- even if they are what you would call legit outlets. Parang…

**DIRECTOR GENERAL GUTIERREZ:** Opo. Dito naman po kasi sa sari-sari store, FDA thinks po na 'yung sari-sari store po kasi are also victims. So actually po ang sari-sari store mayroon po silang license to operate from the local government. So we would like sana to work with the LGU para po maybe they can pass an ordinance na 'yung mga sari-sari store po do not buy or carry medicine.

Kasi nagawa na po ito sa Davao --- yeah, somewhere in Davao De Oro po mayroon po silang ordinance na naipasa kaya lahat po ng sari-sari store doon sa Davao De Oro hindi na po sila nagca-carry ng mga medicine. So 'yun…

**PRESIDENT DUTERTE:** Ang problema niyan, Director --- *[Director General Gutierrez: Opo.]* --- kalaki ng Pilipinas karami ng local government units. Bakit isa lang ang --- hanggang ngayon isa lang ang matawag mong "a working entity" in the government?

**DIRECTOR GENERAL GUTIERREZ:** Yes po.

**PRESIDENT DUTERTE:** Anong --- anong gawain mong remedyo diyan? You talk to them? Or I call them and order them to do the thing that you are supposed to do?

**DIRECTOR GENERAL GUTIERREZ:** We will be talking to them po kasi present naman po ang FDA in all regions.

**PRESIDENT DUTERTE:** Hindi, sabihin mo lang "utos ito ni Presidente."

**DIRECTOR GENERAL GUTIERREZ:** Yes po, makakarating po.

**PRESIDENT DUTERTE:** Para naman --- para makaano ng attention. Kasi kung kayo-kayo lang diyan, alam mo na. Sabihin mo "ito ang utos ni Presidente ibigay daw sa inyo." Tapos gusto ni Presidente na may --- bigyan siya ng monitoring outlet para masundan ko rin.

Yes, sir. Secretary Año.

**DILG SECRETARY EDUARDO AÑO:** Yes, sir. Sir, we will support the FDA through a memo circular to our LGUs to have this campaign against the selling of fake medicines up to the level of the sari-sari store.

So we will intensify this and make sure that our LGUs will join this campaign to get rid of these fake medicines because they are dangerous to the health of our constituents.

So with the --- we will coordinate with the FDA for the issuance of the appropriate memo circular, Mr. President.

**PRESIDENT DUTERTE:** Okay.

**DIRECTOR GENERAL GUTIERREZ:** Sige po. Maraming salamat po, Secretary Año. Salamat.

**PRESIDENT DUTERTE:** Go ahead with your report.

**DIRECTOR GENERAL GUTIERREZ:** *[So next slide po.]* Ah ito naman po 'yung aming activity against drug products that are sold online. Ito po kasama po dito 'yung mga prescription drugs. So in --- ang ginagawa po ng FDA, we write Lazada, Shopee and Facebook.

So for the past two years and as of February 2022, we have already take --- removed 2,202 posts po doon sa platform po ng Lazada, Shopee, Facebook. As you can see po dito sa may blanko po diyan sa Facebook, so…

Oo nga pala, in 2021, bale 779 percent po ang increase po ng aming removal compared to 2020. So as of February naman po, naka-371 na po kami more than the 2020 output po namin.

So sa next slide po, I will show you po na mayroon po kaming tinatawag na FDA social media, we partnered po with Facebook.

Ang Facebook po, they have a consumer policy channel po, based po ito sa Dublin, Ireland, which allows FDA po to report contents that may have violated national policies in order for Facebook to delete or turn down such posts in the platform.

We do not have to write Facebook anymore, Mr. President. As you can see, in October 14, 2021, Facebook have trained 30 FDA personnel po, itong Facebook Consumer Policy Onboarding.

So right now po, we do it electronically na lang through e-mail, then we receive a confirmation po that they received our report and they gave us a tracking number. And within five days po, as long as we endorse po, we report this to Facebook, they remove it within five days po sa Facebook anything po na health product-related that is violative po with our national policies.

So ganoon po. We just started this late last year and early this year. Ongoing po ito.

**PRESIDENT DUTERTE:** Alam mo, Director, hindi ako nagbibiro ha. Hindi ako marunong maggamit ng Facebook, hindi ako marunong mag-open ng 'yang ano 'yang touch-touch lang, nawawala ako diyan. Iyong akin is the old Nokia.

Pero I would like to advise the Filipino that we have, as yet, not perfected dito sa ating internet use paano habulin itong mga kriminal, 'yang gumagamit.

So ang akin is, at this time, let the networks do their thing kung mayroon silang kumpletong another platform where there can be no cheating or fraud. I am advising the Filipinos na lay off muna kayo diyan sa online-online. Maraming tulisan diyan. Iyong --- their imagination can really go wild and think of a violation that is really panglololoko sa tao. Kaya hindi pa natin naano 'yang mga animal na 'yan eh.

Baka balang araw baka makabigay sila ng another way of doing it. For example, identifying or helping or giving the numbers at once na if they can use it once or twice, it's very easy to find another… Ano 'yang sinasaksak na maliit sa --- para maka-connect ka sa internet? *[Official: Wi-Fi.]* Hindi, 'yung isa, 'yung may kasaling number na. Iyong nabibili mo. *[Official: Sim card.]* Oo, sim card.

Ah sus, maraming tulisan diyan sa ano na ‘yan. Ako hindi --- because I am not an expert, I cannot give you an advice except to say that at this time, reckoned by the so many persons naloko na diyan, hindi lang bale sana kung mga clothing, ang problema itong medisina.

It is on my top list talaga na --- itong mga --- ito na lalo na ‘yung ang tao will take the medicine knowing fully well that in his mind he will get better, when in truth and in fact, he’s going to get worse.

Ito ‘yung --- these are the crimes that should be --- patungan ang penalty. Ay, dapat diyan must go to prison. Kasi dito ngayon, if it’s below 16 years --- six years or below, you can apply for a --- anong tawag nito? --- a holiday. You do not go to prison for as long as you do not commit an act.

Pero itong dito sa mga medisina, serious fraud ito. May mga --- huwag na ‘yang mga damit, pupuwede pa ‘yang… Pero itong medisina, ‘yung lahat sa pang-ano ng tao, pangkatawan, dapat talaga ang sentensiya niyan must go to prison. Walang excuse diyan basta convicted para matikman nila ng ano.

And you know what? There is one thing that I’d like to suggest for Congress to act immediately. Itong driving under the influence, the influence of alcohol or itong magpapabili ng, well, illegal things or outright manloloko. Ito ang dapat habulin. Pero ito ‘yung ano, ‘yung mas ano ako sa ‘yung magpabili ng medisina. Nako, Diyos ko.

Wala kasing --- dapat ang response niyan is quick. And if ang penalty is beyond six years, they should start with six years and one day.

You still have some ano?

**DIRECTOR GENERAL GUTIERREZ:** May last slide na lang po.

**PRESIDENT DUTERTE:** Sige, go ahead.

**DIRECTOR GENERAL GUTIERREZ:** So I just like to inform po na last September 30 po, 2021, DG Domingo po created a TWG to develop the guidelines.

So on February 18 po, we will meet again with our partners. I mean the PRC, Drugstores Association of the Philippines, Philippine Pharmacists Association, and the Consumer Healthcare Industry Association of the Philippines. So by next week po, we will be posting na po the draft guidelines po on e-Pharmacies.

Iyan lang po, Mr. President, marami pong salamat and good evening po sa lahat.

**PRESIDENT DUTERTE:** Thank you. Now we have another speaker, 'yung General Manager Romando Artes, MMDA. This is the first time that I've heard of this. Buti kindly explain to us, Romando Artes?

**MMDA OIC CHAIRMAN AND GENERAL MANAGER ROMANDO ARTES:** Magandang gabi po, mahal na Pangulo. Ako po si ---

**PRESIDENT DUTERTE:** --- if you are around.

**GENERAL MANAGER ARTES:** Ako po si Atty. Romando Artes, isa rin pong graduate ng San Beda College of Law, kasalukuyan pong General Manager at OIC Chairman po ng MMDA. Pansamantala pong kapalit ni Chairman Benhur Abalos po.

Una po sa aking report, mahal na Pangulo, ang pagpasa po ng Metro Manila Council ng isang resolution na nagre-request na i-retain po muna under Alert Level 2 ang NCR.

Ang basehan po ng ating mga mayors ay sa kadahilanang lima lamang po out of 17 LGUs ang na-classify pa po under low risk, meaning 17 LGUs po ang nasa moderate risk pa.

Ngayon lamang pong gabi, mahal na Pangulo, nag-usap po kami ni Director Gloria Balboa ng DOH at sinabi niya po sa akin na nabawasan pa po ‘yung lima na low risk dahil po mayroon pa pong isa na ngayon ay classified na rin as moderate risk.

Kinonsider (consider) din po, mahal na Pangulo, ng ating mga Metro Manila mayors ang start po ng campaign para sa national position na nakita po naman natin na marami pong tao ang nagsisiksikan at posible po na maging superspreader event so binabantayan po ‘yan ng ating mga mayors kung ito ay magkakaroon ng epekto sa pagdami po ng kaso ng COVID-19 dito sa ating NCR.

Pero ipinararating din po, mahal na Pangulo, ng mga mayors ng Metro Manila ang kanilang kahandaan kung sakali po na mag-downgrade po sa Alert Level 1 ang NCR.

*[Next slide, please.]*

Mahal na Pangulo, gusto ko lamang pong i-report na ang amin pong ahensiya na MMDA ay nagkaroon ng 180 million na savings dahil po sa internally generated income po ng MMDA. Ang 100 milyon po nito ay in-allocate po ng ating ahensiya para po sa mga LGUs na affected by Typhoon Odette.

Iyan po ay ipinamahagi natin sa iba’t ibang towns at probinsiya po ng Cebu, Negros Oriental, Bohol, Leyte, Southern Leyte, Dinagat Islands, Surigao at Negros Occidental.

*[Next slide, please.]*

Panghuli na lamang… *[Next slide pa po, please.]* Panghuli na lamang po, mahal na Pangulo, tayo po, ang Kalakhang Maynila po ay naka-receive po ng donation sa Pitmaster Cares Foundation na nagkakahalaga ng 150 million: 50 million po nito ay cash para sa pandemic response; 50 million worth of antigen kits na mayroon pong bilang na 174,000; 20 million po na worth ng home care kits na may bilang na 48,000; at 17 pong P1 na ambulance na nagkakahalaga po ng 30 million pesos.

Iyan lamang po ang ulat namin para sa MMDA, mahal na Pangulo, at magandang gabi po sa inyong lahat.

**PRESIDENT DUTERTE:** Now, we come to the last --- sinadya ko talaga 'to para makinig tayong lahat, si Secretary Año on the report of…

**SEC. AÑO:** Magandang gabi po, Mr. President; Executive Secretary Salvador Medialdea; Senator Bong Go; Cab. Sec. Karlo Nograles; mga kapwa ko lingkod-bayan; mga kababayan, magandang gabi po.

*[Next slide.]*

Sisimulan ko po ang ulat, Mr. President, sa update po ng ating pamimigay ng ayuda sa lahat ng naapektuhan ng Typhoon Odette. Ito po ay inyong personal na inutos na magbigay ng ayuda sa anim na rehiyon na naapektuhan ng Bagyong Odette.

Sa kabuuan po ay 4.85 billion ang inyong inilaan para matulungan 'yung mga nasalanta. At sa ngayon po makikita natin na sa anim na region po ay nakapag-distribute na ng 2.7 billion o sa kabuuang 55.86 percent. At ang lahat po ng nakatanggap so far ay 1,834,521 individuals. Ang iba po rito ay mas mataas kasi depende po sa number ng kanyang family members.

Makikita po natin na ang Region IV-B or MIMAROPA at ang Region XIII, ang CARAGA, ang mayroong pinakamataas na percentage sa distribution. So itutuloy-tuloy po natin ito hanggang maibigay ang kabuuang 4.85 million sa mga nasalanta ng Typhoon Odette.

*[Next slide, please.]*

Dito naman po, Mr. President, dahil po sa pagbaba ng mga kaso sa buong bansa na kung saan ay 76,600 na lang ang ating aktibong kaso, ay bumaba rin ang mga lugar na under sa granular lockdown. Last --- last week po ay nasa 605 pa ang ating under sa granular lockdown areas at ngayon ay 390 na lang. At ang barangay po na 210 last week ay 153 na lang. At ang naapektuhang households, mula sa 744, ay nandito na lamang po sa 355 na kung saan 499 individuals ang apektado.

So sa susunod pang mga araw ay inaasahan natin na patuloy na bababa pa ang mga kaso natin sa COVID at bababa rin ang mga numero na under granular lockdown. Pero tuloy-tuloy pa rin po ang ating kampanya pagbabakuna sapagka't nakita natin ito po ang malaking tulong para mapababa natin 'yung mga kaso ng COVID-19.

*[Next slide, please.]*

Dito naman po, Mr. President, makikita natin ang mga recorded violations sa nakaraang linggo. Bagama't tumaas po nang kaunti ang mga hindi nagsusuot ng mask na nahuli, tumaas ng .57 percent or a total of 71,433; bumaba naman po ng 13.5 percent ang sa violation ng mass gathering na nasa 442; at sa violation naman ng physical distancing ay bumaba na rin ng 3.65 percent for a total of 25,131. Patuloy lamang po tayong maghihigpit sa pagpapatupad ng minimum public health standard.

*[Next slide, please.]*

At sa ating kampanya naman po, Mr. President, sa anti-illegal drugs sa nakaraang linggo, nakapagsagawa tayo ng 1,342 anti-illegal drug operations na pinagsanib ng PNP, PDEA, at iba pang mga law enforcement agencies. Lima ang nasawi sa naturang operation at masasabi naman po natin na nakapag-aresto po tayo ng mga nagtutulak at gumagamit ng iligal na droga sa 1,342. At ang magandang balita naman po ay 60 ang kusang sumuko sa ating mga awtoridad na binubuo nang nagtutulak at gumagamit ng iligal na gamot.

Sa kabuuan po ng ating mga nasamsam na shabu at marijuana, ang total estimated value po ay nasa halagang P56,081,415. Patuloy pa rin po nating paiigtingin ang ating kampanya laban sa iligal na droga.

Iyan lamang po ang aking update, Mr. President. Maraming salamat po.

**PRESIDENT DUTERTE:** Thank you. Thank you, Secretary Año. Now, wala namang --- wala namang magpre-present, ako na 'yung katapusan. Usually, I heave the coup de grace of whatever topic there is to discuss.

Iyon lang paulit-ulit ako nakikiusap sa mga tao na 'yun naman sanang hanggang ngayon hindi pa nabakuna, huwag nilang pahirapan ang sarili nila balang araw, mga anak, and your neighbors of contaminating them pagka tinamaan kayo. Kaunting sakripisyo 'to, it could be because of your belief or just outright indifference.

Sabi ng iba, itong salitang bugoy*, "Ah, walang mangyari niyan, kalokohan 'yan."* Well, science has proven, time and again, at it shows in our fight against COVID na talagang napigilan 'yung surge. And hindi natin gustong babalik 'yan kaya nakikiusap tayo na the only way to fight COVID really is still the fundamentals: you wash your hands; you wear your mask; avoid crowds if you can, but importante 'yung mask. It has proven that it is very effective.

Now, some of our countrymen might not agree --- might not agree with us and, you know, postures the opposite. Hayaan na lang natin 'yan, let them be if it's really their belief na --- strong belief that the bakuna is not good for a human being. Hayaan na lang ninyo sila, maniwala na lang kayo sa gobyerno tutal ito ang hinihingi namin. Malibre tayong lahat. Someday, COVID-free talaga tayo, lalo na if most of the people are vaccinated.

Wala pa tayo diyan sa herd immunity. Do not… Baka mag-ano lang kayo sa herd immunity na mayroon na. The COVID is here and it can in --- afflict everybody. No one is still safe. You have to avoid, wear a mask, and listen to what government says.

And for those who are not yet vaccinated, paki ano lang, pakibakuna lang. Kasi 'pag hindi, ako ang pupunta diyan sa inyo, ituturok ko 'yang bakuna sa tainga mo, palusutin ko doon sa kabila.

Iyan ang dapat sa inyo eh. Magdemanda kayo? Demanda kasi 'yung ICC naghihintay nang marami pang anong --- kung anong sabihin tutal hindi naman ako…

I said I'm a Filipino. If I committed a wrong, I should be prosecuted by a prosecutor like me, a Filipino. Then nandiyan man 'yung judge. I should be facing a tribunal which is a Filipino. And if I get convicted, well, I go to prison sa Muntinlupa.

And I'd gladly do it because all of the things that I did, paulit-ulit na lang ako, hindi ito para sa akin kagaya ng bakuna, kung matusok ko 'yan sa tainga mo. Ito para sa Pilipino para hindi ka makahawa. Kaya ako halos na lang lumuluhod na magpabakuna kayo para naman malayo tayo sa perdition.

Hanggang ngayon, kakaunti lang naman, ubusin na natin lahat, let's get over with this ano ninyo, magpabakuna kayo at maligaya ako. Ako ang sabihin ko lang, if there is something that would make me happy when I go out of this office, maligaya ako kung malaman ko na halos lahat --- kasi hindi naman lahat --- halos lahat nagpabakuna.

And if the majority, mag-abot na ng milyon-milyon, umaabot na tayo ng milyon ngayon pero mayroon pa kayong --- sabi ng mga doon sa provincial reports na mayroon pa 'yung mga tao na ayaw talaga. So nakikiusap ako na magpabakuna na kayo. Kasi 'yang bakuna 'pag hindi niyo gamitin, itutusok ko talaga diyan sa tainga mo diyan, diyan ko padaanin ang ano, COVID.

Eh napakatigas ang ulo ninyo eh. So patigasan tayo nito. Kung matigas ang ulo mo, na mas lalo na akong matigas rin. Huwag tayong magtigas-tigasan because I am pleading to you, in behalf of government na mahinto na sana itong COVID. And the only way to do it is if most or not all Filipinos are vaccinated.

Nakita na ninyo wala na, huminto na 'yung surge, mabilisan lang. And if there's anybody I'd like to thank publicly --- it's never too late to say thank you to Secretary Duque, who spearheaded the fight against COVID; the tireless toil of Secretary Galvez and Secretary Año, salamat sa lahat; and of course, with the guidance of the DND, si Secretary Lorenzana. Sila 'yung nag-teamwork to defeat this ano. Marami pa pati si Vince Dizon, sila 'yan.

So someday, magpasalamat ang Pilipino sa iyo, Vince Dizon. And saan ka man pupunta after this administration, join a political party, 'yan ang forte mo eh, it's organizing. Mahirap 'yan.

So 'yan lang po para sa mga kababayan natin at para sa mga kaibigan ko dito --- puro taga-gobyerno kami --- at nagpapasalamat ako for their attendance. Maraming salamat po. *[applause]*

**--- END ---**